


まんがでわかる




Filipino
タガログ語

フォークリフトの安全衛生

Alamin sa Pamamagitan ng Manga
Kaligtasan at Kalusugan sa Forklift



Ang audiovisual material na ito ay ginawa na may layuning matutunan ang mga pangunahing pamantayan ng kaligtasan at kalusugan para sa mga manggagawa sa lugar ng trabaho na gumagamit ng forklift.




Ngayong araw, alamin natin ang tungkol sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho gamit ang forklift!




Ang forklift ay ginagamit sa iba't ibang lugar tulad ng warehouse, factory, at construction site, 'di ba?

Oo nga!



Kailangan umattend ng training at kumuha ng lisensiya upang makapag-operate ng forklift.


Importante ang pag-attend ng training dahil isang malaking makinarya ang ino-operate rito.



Kahit na ang nag-ooperate nito ay isang taong umattend na ng training, nagkakaroon pa rin ng aksidente sa trabaho.

Hala!


Tignan naman natin ang mga pangunahing sanhi ng aksidente sa trabaho.




Bilang ng mga casualties dahil sa aksidente sa trabaho

1	Pagkabangga (kasama ang mga bumangga)	816 katao
2	Pagkaipit / Pagsabit	769 katao
3	Pagbagsak / Pagkahulog	424 katao
4	Pagtilapon / Pagkalaglag	107 katao
5	Pagkatumba	102 katao

Reference: Trends sa pagkamatay at pagkasugat ayon sa "Reports of Worker Casualties" ng Ministry of Health, Labour, and Welfare H31/R1 (Mayo, 2020)



Pinakamarami ang insidente ng "Pagkabangga (kasama ang bumangga)"...



Susunod naman ang "Pagkaipit/Pagsabit".



Mayroon ding mga insidente kung saan naipit sa pagitan ng umaatras na forklift at pader.


Kapag seryosong nasaktan, mag-aalala ang pamilya at magkakaroon ng problema sa pinagkakakitaan...



Dahil dito, importante ang pag-intindi sa nilalaman ng training at ang pagsunod sa patakaran.



Kailangan intindihin ang natutunan sa training na angkop na paraan ng paggamit at gamitin ito ng tama.




Importante rin ang intindihin ang paggalaw ng forklift.

Anong klaseng aksidente sa trabaho ang "Pagbagsak/Pagkahulog"?




Halimbawa, isa ito sa mga hindi dapat gawin,

May insidente ng pagsakay ng tao sa fork ng forklift para gumawa ng trabaho sa mataas na lugar at nagresulta ito sa pagbagsak.



Mapanganib...

Ngayon naman,






Tignan natin

Ang eksena sa lugar ng trabaho.



CASE 1







Pero ayos lang siguro dahil hindi naman gumagalaw ang forklift.



Okay! Walang tao.



Ahhhh!




ヒョウ!!



Bakit may tao rito? Ayos ka lang ba?

Mukhang ayos naman...



Bakit hindi ka roon naglalakad sa daanan ng tao?

Teka lang.

Sorry po...

Hindi ba dapat ikaw din ay nag-iingat?

Alerto ka ba na maaaring may biglang sumulpot na tao?



Hindi pwedeng nakadepende ka lang sa back mirror kapag umaatras ka!


Kailangan mong tignan ang sitwasyon sa paligid!

Patawad po!



Kapag nagkukumpirma, importante rin ang pagsabi ng aksyon na ginagawa.

Okay ang likuran!



At ikaw naman, kailangan mong sundin ang patakaran sa lugar ng trabaho tulad ng off-limits area!



Ang forklift ay kayang lumiko ng kaunti at maaari ring biglang gumalaw tulad ng nangyari ngayon.

Kaya naman mahigpit na ipinagbabawal ang paglapit dito!


May mga lugar din na mahirap makita sa loob ng warehouse para sa operator.



Importante ang pag-iingat hindi lamang ng operator kundi pati na rin ng manggagawa sa paligid.


Mag-aalala ang pamilya ninyo kapag kayo ay nasaktan.

Mag-iingat na po...



CASE 2

Mukhang matatapos ko ang trabaho sa oras kapag nadala ko na ito!



Hala... Hindi pantay ang pallet.

Oo nga pala...

Kapag hindi pantay ang pagkapatong patong ng mga pallet,

May posibilidad na mahulog ito.

Kapag aayusin ang cargo sa forklift, kailangang ibaba sa sahig ang fork.

At pagkatapos ay patayin ang makina at bumaba mula sa forklift.


OFF




Ayun ang mga sinabi sa 'kin...

Pero nakakatamad bumaba, aayusin ko na lang mula rito ang hindi pagkapantay pantay ng pallet.


Ayun! Kaya naman!






Hala!

?



Teka!
Gagalaw ang lift!

ヒッ
フッ




A, ano po?

Bawal ayusin
ang cargo nang
nakasakay sa forklift.



Hindi mo rin
pinatay ang
makina.

Hindi mo rin
ibinaba ang fork.




Dapat mong gawin ito
ayon sa natutunan
mo sa training.

Akala ko ayos
lang kung kaunti
lang naman...




Makinig ka,
buti na lang hindi
nagkaroon ng
aksidente ngayon...

Pero kung
tumuloy ang
pagtama ng katawan
mo sa tilt lever...



Gagalaw ang mast ng forklift,



Maiipit ang katawan mo,

At sa worst case scenario, maaaring ikamatay mo ang aksidente.




May mga pagkakataon na nagdudulot ng aksidente ang mga aksyon na iniisip natin na "ayos lang dahil kaunti lang naman".

Walang patakaran na pwedeng balewalain.



Sorry po talaga!



Maraming salamat po sa pagpigil! Utang ko sa inyo ang buhay ko!


Mabuti na lang at ligtas ka.



Maaari palang mamatay dahil sa hindi pagsunod sa patakaran.

Naiintindihan mo na ba na seryoso ang bagay na ito?


CASE 3




Nasanay na ko sa pag-operate.




Ang paglagay na lang ng mga iyon ang natitira kong gawain.



Madaling matumba itong cargo na ito...



Excuse me!




Ano ang dapat kong gawin para hindi matumba ang cargo na ito?

Hmmm, mahirap ngang buhatin ang mga ito.






Sige, sasakay na lang ako sa pallet.

Hahawakan ko ang cargo habang nakapatong sa pallet.



Hindi ba iyon mapanganib?

Ayos lang 'yan.




Mabuti na lang at minor injury lang pero...

Depende sa taas, baka ikamatay mo ang aksidente!



Siguraduhin niyong hindi niyo na gagawin 'yan!

Iwasang isipin na palaging ligtas.



Sorry po...

Importante na palaging manatiling hindi pabaya.



Una sa lahat!


Ayon sa patakaran ng lugar ng trabaho, ipinagbabawal ang pagsakay sa pallet at fork para lumipat at magtrabaho sa mataas na lugar!

NG




Kahit ganyan lang kataas, kung unang tumama ang ulo mo, baka kung ano na ang nangyari sa iyo!

Para sa ganitong cargo, pagsama-samahin gamit ang film at iba pang bagay para maging madaling buhatin.






Kapag mayroong kayong problema, kumonsulta sa akin.

Huwag niyong resolbahin na kayo kayo lang.



Opo!



Mga paalala kung saan dapat mag-ingat sa trabaho gamit ang forklift




1 Skill Training Course Certificate of Completion

*Special education para sa pag-operate ng forklift na may maximum na bigat ng load na hindi aabot sa 1 tonelada.




Kailangang kumpletuhin ang skill training course para makapag-operate ng forklift. Siguraduhing laging dala ang certificate of completion.

2 Sa paligid ng forklift



Huwag na huwag dadaan malapit sa forklift at sa off-limits area.

3 Pagkaipit




Bumaba muna sa forklift bago ayusin ang cargo na nakakarga sa forklift.

4 Pagbagsak/Pagkahulog




Ipinagbabawal sa patakaran ang pagsakay ng tao sa pallet o fork ng forklift.

Ang aksidente sa trabaho ay may epekto sa sarili at hindi lamang problema ng iba.



Alalahanin na ang pagsunod sa patakaran ay pagprotekta sa "sarili", "pamilya", at "pamumuhay".

Kapag may nangyari, importante ang regular na komunikasyon sa lugar ng trabaho.



Ayos!

Susundin ko ang patakaran at gagalingan ko araw-araw!




Trabaho gamit ang forklift

Mag-ingat din sa mga sumusunod! Mga paalala para sa kaligtasan at kalusugan!



1 Mag-ingat sa mga biglang lumalabas sa loob ng warehouse!



2 Mag-ingat sa hindi stable na pag-operate!



3 Mag-ingat sa sobrang pagpatong patong at pagguho!



4 Mag-ingat sa pagparada!




Alamin sa pamamagitan ng larawan

Alamin ang mga panganib na nakaabang sa lugar ng trabaho!

Risk Prediction Training

(Kiken Yochi Training o KYT)

Q Isipin natin kung saan mapanganib!





A Ito ang punto ng panganib!

- 1** Huwag pumasok sa off-limits area.
- 2** Huwag dumaan sa likod ng forklift.



- 3** Mag-ingat sa sobrang pagpatong patong ng cargo.
- 4** Huwag biglang liliko.



Isipin natin kung may iba pa bang mga punto ng panganib.

Alamin sa Pamamagitan ng Manga Kaligtasan at Kalusugan sa Forklift

Inilathala: Marso ng 2021

Tagalathala: Ministry of Health, Labour, and Welfare

Tagaplano: Mizuho Information & Research Institute, Inc.

Suporta: Safety Education Material Working Group tungkol sa Land Transportation Industry at Forklift

Producer: Sideranch Inc.



Kapag may katanungan ukol sa materyal na ito
Ministry of Health, Labour, and Welfare
Labour Standards Bureau
Safety and Health Department
Safety Section